


2021-22

Inirerekomendang Badyet

Ang inirerekomendang badyet ng Punong Opisyal na Tagapagpaganap ng County ay idinisenyo ng at para sa mga tao. Sinusuportahan nito ang bagong Balangkas para sa Hinaharap ng Lupon ng mga Superbisor ng ating rehiyon – na siyang nakapokus sa ekidad at katarungang panlahi sa lahat ng ating ginagawa upang matiyak na ang bawat mamamayan sa ating rehiyon ay malusog, ligtas at umuunlad.

Nagtatakda ito ng panibagong pamamaraan sa pampublikong kalusugan, transparency ng gobyerno at mga patakaran at priyoridad ng County na lubos na binabago ang paraan kung paano tayo nagpapatakbo at kung paano inuuna ang mga mapagkukunan.

Ang inirerekomendang kabuuang badyet para sa piskal na taon 2021-22 ay \$7.03 bilyon, pagtaas ng \$480.2 milyon o 7.3% mula sa pinagtibay na badyet sa nakaraang piskal na taon.



\$7.03
BILYON
+7.3%



MGA SERBISYONG
PANGKALUSUGAN AT PANTAO
\$2.7 BILYON
(+8.3%)



PAMPUBLIKONG KALIGTASAN
\$2.2 BILYON
(+7.2%)



PANGKALAHATANG GOBYERNO
\$1.5 BILYON
(+12.1%)



LAND USE AT KAPALIGIRAN
\$0.6 BILYON*
(+7.2%)



COUNTY NG SAN DIEGO

* Hindi kasama sa Inirerekomendang Badyet ang Air Pollution Control District (APCD, Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin). Epektibo sa Marso 1, 2021, ang APCD ay nagtransisyon mula sa Land Use & Environment Group (LUEG) patungo sa isang independiyenteng ahensya, na inaalís ang staffing at mga nakabadyet na halaga mula sa LUEG na walang epekto sa paghahatid ng serbisyo.

ANG AMING POKUS


NAKABATAY SA
KALALABASAN

EKIDAD AT INGLUSYON

TRANSPARENCY

PAGPAPANATILI

KATARUNGANG PANLAHI,
PANLIPUNAN AT
PANGKAPALIGIRAN



Modelo ng Pagtutulungan sa Dibersidad at Inklusyon

Komisyon sa mga Ugnayang Pantao

Komisyon may 31 miyembro na itinatag upang maitaguyod ang mga positibong ugnayang pantao, paggalang at integridad ng bawat indibidwal sa County ng San Diego.

HRC

Ehekutibong Konseho sa Dibersidad at Inklusyon

Ehekutibong pamumuno na may dibersidad na lumilikha ng isang kulturang nagpapanatili ng dibersidad at inklusyon na nasa unahan para sa mga pinuno sa kabuuan ng adhikain sa pamamagitan ng paggabay sa istratehiya ng dibersidad at inklusyon ng County.

D&I
EC

Yunit
ng EDI

Yunit ng Ekidad, Dibersidad at Inklusyon

Isinasama ang EDI sa kultura ng County at nagiging internal na suporta lalo na sa mga aspeto ng:

- Pag-recruit
- Pagtanggap sa Trabaho
- Propesyonal na Pag-unlad/Pagtaas ng Puwesto sa Trabaho

Ekidad, Dibersidad at Inklusyon

OERJ

Tanggapan para sa Ekidad at Katarungang Panlahi

Nakatuon sa pakikibahagi ng komunidad upang kasamang lumikha ng nagpapabago, nagtatagal, estruktural at sistemikong pagbabago sa gobyerno ng San Diego.

Mga
ERG

Mga Employee Resource Group (ERG, Grupong Mapagkukunan ng Empleyado)

Ang County ng San Diego ay may sampung umuunlad na Employee Resource Group na may mahalagang papel na ginagampanan sa pagsulong ng aming pangako sa dibersidad at paglikha at pagpapanatili ng inklusibong lugar na pinagtatrabahuhan. Ang mga ERG ay nagbibigay sa mga empleyado ng networking at mga aktibidad sa propesyonal na pagpapaunlad, sinusuportahan ang mga inisyatiba ng County, at itinataguyod ang pagkakaroon ng kaalaman sa kultura.

OEC

Office of Ethics & Compliance (Tanggapan para sa Etika at Pagsunod)

Departamentong nakatuon sa pagtataguyod ng kultura ng integridad, pagpapatupad ng Kodigo ng mga Etika, nagtataguyod ng etika at pagsunod sa pamamagitan ng mga binuong patakaran, programa at pagsasanay, at pagrerepaso ng mga reklamo sa diskriminasyon, panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso.

KABUUANG STAFFING AYON SA GRUPO/AHENSYA

18,450.25 (+2.8%)

MGA SERBISYONG
PANGKALUSUGAN AT
PANTAO



7,083.5
(+4.6%)

PAMPUBLIKONG
KALIGTASAN



7,743.0
(+3.7%)

PINANSYA AT
PANGKALAHATANG
GOBYERNO



1,775.5
(+1.2%)

LAND USE AT
KAPALIGIRAN




1,848.25*
(+3.1%)

* Hindi kasama sa Inirerekomandang Badyet ang Air Pollution Control District (APCD, Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin). Epektibo sa Marso 1, 2021, ang APCD ay nagtransisyon mula sa Land Use & Environment Group (LUEG) patungo sa isang independiyenteng ahensya, na inaalis ang staffing at mga nakabadyet na halaga mula sa LUEG na walang epekto sa paghahatid ng serbisyo.



DALAWANG TAONG PAGHAHAMBING SA BADYET PARA SA MGA PILING PROGRAMA

Piskal na Taon 2021- 22



SUPORTA PARA SA MGA BULNERABLENG POPULASYON



Pagpapatatag sa mga Bata at Pamilya

- Pagpopondo para sa bagong **Office of Immigrants and Refugee Affairs**
- **20 bagong posisyon** upang suportahan ang programang **Fostering Academic Success in Education** para sa foster na kabataan.
- **\$0.5 milyon** para suportahan ang **Uplift Boys and Men of Color Initiative** sa Office of Equity and Racial Justice upang maalís ang mga balakid sa tagumpay
- **166 na karagdagang posisyon** upang madagdagan ang pag-access sa mahahahlagang serbisyong safety net
- **\$1 milyon** dagdag upang mapalawak ang **digital na aklatan ng County** upang magbigay ng mas malawak na pag-access sa mga materyal sa pagpapayaman, na kinabibilangan ng isang dosenang wika



Kawalan ng Tirahan

- Lumikha ng **Department of Homeless Solutions and Equitable Communities** upang gumawa ng pag-unlad sa kumplikadong isyung ito sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga mapagkukunan sa kasalukuyan at sa hinaharap
- **\$2.5 milyon** dagdag para sa mga programang **Community Care Coordination** upang suportahan ang mga beterano, kabataan at mga indibidwal na may maraming pangangailangan sa pamamagitan ng tulong at suporta sa pabahay
- Ang Lupon ng mga Superbisor ay lumikha ng balangkas para sa mga pondo ng **American Rescue Plan Act**, na may **\$85 milyon** na kasalukuyang nakalaan para sa mga serbisyo upang suportahan ang mga walang tirahan
- **19 na karagdagang posisyon** upang magtugunan ang kawalan ng tirahan kabilang ang mga wraparound team, pamamahala ng kaso at outreach



Kalusugan ng Pag-uugali

- **\$10 milyon** dagdag upang muling idisenyo ang mga programa para sa **Kalusugan ng Pag-uugali** upang mapababa ang ratio sa pagitan ng staff at kliyente at mapahusay ang mobile na pakikipag-uugnayan
- **\$7.4 milyon** dagdag upang suportahan ang mga pinahusay na serbisyo sa pagpapahupa ng krisis kabilang ang pinabuting access at kalidad
- **\$6 milyon** dagdag upang matiyak ang kalusugan sa pag-iisip na kung saan itinatalaga ang mga kliyente ay nasa tamang antas ng pangangalaga at upang mabawasan ang paggamit ng mga emergency room.
- **\$3.2 milyon** para sa **23 nurse** na sumusuporta sa San Diego County Psychiatric Hospital, na nagbibigay ng kritikal na mga serbisyo ng pagpapahupa ng krisis at inpatient na kalusugan ng pag-uugali sa ilan sa mga pinakabulnerableng residente ng County ng San Diego



PAGTUGON SA COVID-19 AT PAGBANGON NG EKONOMIYA

\$226.9 milyon para sa pangkalahatang pagtugon kabilang ang

- Programang **Test, Trace, Treat (T3, Suriin, Subaybayan, Gamutin)** para sa patuloy na pagsusumikap sa pagbabakuna at pagsubaybay
- Programang **Great Plates Delivered** para magbigay ng mga pagkain sa nanganganib na matatanda



PAMPUBLIKONG KALIGTASAN AT REPORMA SA SISTEMA NG KATARUNGAN



\$10 milyon

para sa mga Countywide Mobile Crisis Response Team upang magbigay ng alternatibo sa pagpapadala ng tagapagpatupad ng batas kapag ang isang indibidwal ay nasa krisis sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng alkohol o droga



\$75 milyon

para sa phase 2 ng bagong **Youth Transition Campus**, bilang bahagi ng pagbabago sa sistema ng katarungan para sa kabataan



28 bagong posisyon ng Public Defender

para matugunan ang mga nadagdagang responsibilidad na kaso, pangangailangan ng mga kliyenteng may implikasyong pang-imigrasyon, palawakin ang Defense Transition Unit, at magbigay ng mga serbisyong tulong sa hatol sa pamamagitan ng **Fresh Start Program**



Dagdag na 141 posisyon

sa Departamento ng Sheriff para magbigay ng medikal na pangangalaga at palawakin ang pag-access sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip sa mga indibidwal na nakakulong



\$3.8 milyon

One Safe Place: Ang North County Family Justice Center, para sa sentralisadong suporta para sa mga nakaligtas sa trauma at kanilang mga pamilya



\$18.1 milyon

East Mesa Fire Station upang mapabuti ang mga kakayahan sa pagresponde sa sunog at emerhensya





PAGBABAGO NG KLIMA AT PANGANGALAGA SA KAPALIGIRAN



\$41.2 milyon

upang maprotektahan ang mga daluyan ng tubig at baybayin

- **\$39.7 milyon** upang mapigilan ang polusyon sa daluyan ng tubig-ulan na umabot sa karagatan
- **\$1 milyon** para sa mga pagsusuri sa kalidad ng tubig sa 46 na dalampasigan
- **\$0.5 milyon** para mapanatiling hindi pumapasok sa sistema ng daluyan ng tubig-ulan ang mga nagdudulit ng polusyon mula sa mga komersyal na pang-agrikulturang negosyo



\$13 milyon na

magdadagdag ng hindi bababa sa **500 acre** ng lupang open space, poprotektahan ang mga likas na yaman at pepreserbahin ang lupaing pang-agrikultura



\$2.4 milyon

para sa mga pagpapaliban ng singil sa green building, solar at iba pang mga insentibo para sa mga proyektong renewable energy



New Climate Action Plan

upang mabawasan ang mga greenhouse gas (GHG) emissions at basura

KAKAYAHANG MAKAKUHA AT PAGIGING ABOT-KAYA NG PABAHAY



\$107 milyon

upang suportahan ang tulong sa upa sa pamamagitan ng **Emergency Rental Assistance Program** (Programang Pang-emerhensyang Tulong sa Upa)



\$0.5 milyon

dagdag para sa **\$2.7 milyon** sa kabuuang pagpopondo upang hikayatin ang pagpapaunlad ng mga **Accessory Dwelling Unit** sa pamamagitan ng pagpapaliban ng mga singil sa permit at epekto at paghahandog ng mga paunang inaprubahang plano para makatipid sa oras at gastos



\$0.4 milyon dagdag

sa **CalWORKs Housing Support Program** upang matulungan ang mga pamilyang nangangailangan at mapanatili ang permanenteng pabahay



PAGPAPABUTI NG KAPITAL

21-22

Ang Programang Kapital sa Piskal na Taon 2021-22 ay \$279.6 milyon na kinabibilangan ng \$8.8 milyon para sa pondo ng Edgemoor Development, isang netong pagtaas na \$149.8 milyon o 115.5% mula sa 2020-21 Pinagtibay na Badyet.



\$75 milyon

Phase 2 ng bagong
**Youth Transition
Campus**
(dating San Diego
Juvenile Justice
Campus)



\$21 milyon

Ang Bagong Casa
de Oro Library
at **\$3 milyon**
Julian Library
Community Room



\$18.1 milyon
Bagong East Otay
Mesa Fire Station
#38



\$10.1 milyon
Bagong San Diego
County Animal
Shelter



\$70 milyon+

Mga proyekto sa mga
parke ng County,
kabilang ang:

- New Calavo Park
- Aktibong lugar ng libangan sa Waterfront Park
- Otay Valley Regional Park Community Garden
- Bagong staging area sa Sage Hill, mga pagpapabuti sa trail system
- Mga pagpapabuti sa Felicita County Park



BUDGET.SANDIEGOCOUNTY.GOV



COUNTY NG SAN DIEGO